

## **PAANO MAGSASALITA SA PARTIKULAR NA ITEM:**

Ang mga miyembro ng publiko ay bibigyan ng pagkakataong magsalita sa Konseho. Maaaring pagpasyahan ng Presidente ng Konseho ang bilang ng mga tagapagsalita sa item na nasa agenda o bawasan ang haba ng oras na mayroon sa bawat tagapagsalita upang mapamahalaan ang pagpupulong sa naaangkop na paraan at matiyak na may oras ang Konseho upang isaalang-alang ang lahat ng item na nasa agenda. Maaari lamang magbigay ang isang miyembro ng publiko ng isang komento sa bawat item na nasa agenda.

### **Pagsali sa Webinar at Pag-aalok ng Testimonya sa Telepono**

Ang mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod ay patuloy na idaraos sa virtual a paraan gamit ang platform na Zoom Webinar. Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring mag-alok ng pampublikong komento sa mga item na nasa agenda o sa panahon ng Pampublikong Komento na Hindi Kasama sa Agenda sa pamamagitan ng pag-access sa pagpupulong online gamit ang desktop na computer, laptop, tablet, o Smartphone, o sa pamamagitan ng pagtawag sa pagpupulong gamit ang Smartphone, cellular phone, o land line. Sa pagsali sa pamamagitan ng phone, pindutin ang \*9 para itaas ang iyong kamay at \*6 para i-unmute ang iyong sarili.

Mangyaring i-click ang link sa ibaba para sumali sa webinar:

<https://sandiego.zoomgov.com/j/1607807743>

Para sumali sa pamamagitan ng telepono: Dial 1-669-254 5252 +

Sa oras na masabihan, ilagay ang Webinar ID : 160 780 7743 #

### **Sa-personal na Komento sa mga Item na nasa Agenda**

Ang bawat tagapagsalita ay kailangang maghain ng nakasulat na kahilingan (speaker slip) sa Klerk ng Lungsod kung saan gusto niyang magsalita na nagsasaad ng kung sa aling item niya gustong magsalita. Hindi maaaring isumite ang mga speaker slip bago ang araw ng pagpupulong o pagkatapos makumpleto ang sa-personal na testimonya. Magtatapos ang sa-personal na testimonya bago magsimula ang virtual na testimonya. Ang bawat indibidwal na nagnanais magsalita sa Konseho ay lalapit sa podyum at isasaad kung sino ang kinakatawan niya kung kumakatawan siya sa isang organisasyon o sa iba pang tao.

Ang bawat tagapagsalita ay maaaring magsalita ng hanggang tatlong minuto, na sumasailalim na pagpapasya ng Presidente ng Konseho pagdating sa oras na mayroon para sa pagtugon sa mga layunin ng pamamahala, bukod sa anumang oras na ibinigay ng iba pang mga miyembro ng publiko na dumalo sa pagpupulong at nagsumite ng speaker slip na nagbibigay sa kanila ng oras. Ang mga speaker slip na ito ay dapat isumite nang magkakasama sa isang pagkakataon sa Klerk ng Lungsod. Maaari ring limitahan ng Presidente ng Konseho ang mga presentasyon ng organisadong grupo ng lima o higit pang mga tao sa 15 minuto o mas mababa pa.

## Virtual na Pamublikong Komento sa mga Item na nasa Agenda

Maaaring sumali ang mga miyembro ng publiko sa virtual na paraan (sa pamamagitan ng telepono o internet streaming) gaya ng nakasulat sa ibaba. Ang mga tagapagsalita na nagnanais na magbigay ng virtual na pamublikong komento ay kailangang pumasok sa virtual na "pila" (queue) sa pamamagitan ng pagtataas ng kanilang mga virtual na "kamay" bago magsara ang "pila". Magsasara ang "pila" kapag natapos nang magsalita ang huling virtual na tagapagsalita o limang minuto pagkatapos magwakas ang sa-personal na testimonya, alinman ang mauuna. Ang bawat tagapagsalita ay maaaring magsalita ng hanggang tatlong minuto, na sumasailalim na pagpapasya ng Presidente ng Konseho pagdating sa oras na mayroon para sa pagtugon sa mga layunin ng pamamahala. Ang mga tagapagsalita na kasali nang virtual ay hindi maaaring magbahagi ng kanilang oras sa ibang mga tagapagsalita at hindi maaaring magbahagi ng video o mga visual aid (iyon ay pdf, ppt, docs) sa panahon ng kanilang pagkokomento.

**Mangyaring tandaan:** Ang mga miyembro ng publiko na nagnanais na magbigay ng virtual na testimonya ay kailangang pumasok sa virtual na "pila" (queue) sa pamamagitan ng pagtataas ng kanilang "kamay" bago magsara ang "pila". Magsasara ang "pila" kapag natapos nang magsalita ang huling virtual na tagapagsalita o limang minuto pagkatapos magwakas ang sa-personal na testimonya, alinman ang mauuna. ***Ang mga sumasali nang virtual ay hindi maaaring ibahagi ang oras sa ibang kasali nang personal o virtual o magbahagi ng video o mga visual aid- mangyaring magsumite sa pamamagitan ng [web comment form](#) para maipamahagi.***

## Pamublikong Komento na Hindi Kasama sa Agenda

Ang bawat agenda para sa regular na pagpupulong ng Konseho ay magbibigay ng panahon sa agenda para sa magsalita ang mga miyembro ng publiko sa Konseho hinggil sa mga item na tatalakayin sa publiko na wala sa agenda ngunit nasa loob ng hurisdiksyon ng Konseho. Ang Pamublikong Komento na Hindi Kasama sa Agenda ay sasailalim sa pagpapasya ng Presidente ng Konseho para sa nakatakdang agenda.

Upang matiyak na may panahon ang Konseho na isaalang-alang ang lahat ng item sa agenda, ang Pamublikong Komento na Hindi Kasama sa Agenda hinggil sa mga partikular na isyu at para sa bawat indibidwal na tagapagsalita ay magiging mga sumusunod:

Ang bawat tagapagsalita ay malilimitahan ng hanggang dalawang minuto. Hindi maaaring ibahagi ng mga tagapagsalita ang kanilang oras sa ibang mga tagapagsalita. Kung mayroong walo o higit pang mga tagapagsalita sa iisang isyu, ang pinakamahabang oras para sa isyung iyon ay magiging 16 na minuto. Ang pagkakasunud-sunod sa pagsasalita ay karaniwang pagpapasyahan batay sa kung sino ang mauunang dumating (first come first served), gayunpaman, maaaring unahin ang mga tagapagsalita na hindi nakapagsalita sa lehislatibong lupon noong panahon ng Pamublikong Komento na Hindi Kasama sa Agenda sa huling regular na naka-iskedyul na pagpupulong ng Konseho. Maaari lamang magbigay ang isang miyembro ng publiko ng isang komentong hindi kasama sa agenda sa bawat agenda.

Kung magbibigay ng komento sa personal, mangyaring isumite ang iyong speaker slip at anumang mga visual aid sa Klerk ng Lungsod. Matatapos ang sa-personal na testimonya bago magsimula ang virtual na testimonya.

Ang mga tagapagsalita na nagnanais magbigay ng virtual na Pampublikong Komento na Hindi Kasama sa Agenda ay kailangang pumasok sa virtual na "pila" (queue) sa pamamagitan ng pagtataas ng kanilang mga virtual na "kamay" bago magsara ang "pila". Magsasara ang "pila" kapag natapos nang magsalita ang huling virtual na tagapagsalita o limang minuto pagkatapos magwakas ang sa-personal na testimonya, alinman ang mauuna. Ang mga kasali nang virtual ay hindi maaaring magbahagi ng video o mga visual aid (iyon ay pdf, ppt, docs) sa panahon ng komentong hindi kasama sa agenda.

**Mangyaring tandaan:** Tuwing Lunes, isasagawa ang Pampublikong Komento na Hindi Kasama sa Agenda sa 2pm na sesyon pagkatapos makumpleto ang lahat ng item na tatalakayin. Tuwing Martes, isasagawa ang pampublikong komento na hindi kasama sa agenda sa 10am na sesyon.

**Ang Komento sa mga Item na nasa Agenda, Pampublikong Komento na Hindi Kasama sa Agenda, at Saradong Sesyon para sa Pampublikong Komento** ay maaaring isumite gamit ang [webform](#) na nagsasaad ng uri ng komento at numero ng item (kung may kinalaman ito) para kung saan gusto mong isumite ang iyong komento. Ang mga komentong natanggap ng dalawang oras bago ang pagpupulong ay ipapamahagi sa Konseho ng Lungsod at ipapaskil online kasama ang mga materyal sa pagpupulong. Ang lahat ng komento sa webform ay limitado sa 500 salita ngunit maaaring may kasamang mga kalakip. Ang mga komentong natanggap pagkatapos ng inilaang panahong iyon sa araw ng pagpupulong ngunit bago itawag ang item ay isusumite sa nakasulat na rekord bago ang nauukol na item.

**Mga Item na Tila Panghukuman.** Ang mga presentasyon ng mga organisadong grupo para sa mga item na tila panghukuman ay pahihintulutan ng hanggang 15 minuto kada panig na magsalita nang pabor o laban sa item sa kabuuang 30 minuto. Kung mahigit sa isang grupo sa magkabilang panig ay humiling ng organisadong presentasyon, hahatiin ang 15 minuto sa pagitan ng bawat grupo para sa panig na iyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa Tagapamahala ng Proyekto gaya ng nakalista bilang pangunahing kokontakin sa ulat ng tauhan para sa item na iyon upang isaad ang kagustuhan mong magprisinta.

**Mga Nakasulat na Materyal.** Sa halip na magsumite ng mga nakasulat na materyal bilang kalakip sa webform, maaari kang magsumite sa pamamagitan ng U.S. Mail sa atensyon ng City Clerk (Klerk ng Lungsod) sa 202 C Street, MS2A San Diego, CA 92101. Ang mga materyal na isusumite sa pamamagitan ng U.S. Mail ay kailangang matanggap nang isang araw ng negosyo bago ang pagpupulong upang maipamahagi sa Konseho ng Lungsod. Ang mga komentong natanggap sa pamamagitan ng U.S. Mail sa araw ng pagpupulong ay isusumite sa nakasulat na rekord para sa nauukol na item.

Maaaring tingnan ng publiko ang mga pagpupulong sa pampublikong telebisyon (sa loob ng Lungsod ng San Diego lamang) sa Channel 24 ng Telebisyon ng Lungsod para sa Cox

Communications at Spectrum o Channel 99 para sa At&T U-Verse, o tingnan ang mga pagpupulong online (panlabas ang link)

### **Ang Gagawin**

Ang gagawin sa panahon ng pagpupulong ng Konseho ay hindi laging magkakasunud-sunod nang ayon sa nakasulat na numero ng item sa agenda. Maaari mong tingnan ang inaasahang pagkakasunud-sunod ng mga item sa aming Buod na nilalayon upang maging madaling gabay para sa publiko na pinagsasama ang lahat ng item na inilalagay sa isang dokumento nang ayon sa kung paano tatalakayin ang mga item. Nakapaskil ang buod sa Huwebes ng hapon at ia-update sa Biyernes ng hapon na may mga suplementong item na maaaring idagdag. Mahahanap mo ito sa agenda page sa sumusunod na [link](#).

**Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano sumali at magbigay ng komento sa item sa mga pagpupulong ng Konseho, mangyaring i-click ang sumusunod na link.**